

## Ano ang pananaw ng Islam tungkol sa insidente ng pagpapako kay Kristo?

Ang Diyos na Tagapaglikha, Buhay, at Makapangyarihan ay hindi kailangan mamatay sa krus na nagkatawang-tao sa anyo ni Kristo para sa sangkatauhan, gaya ng paniniwala ng mga Kristiyano. Siya ang nagbibigay ng buhay at bumabawi nito, kaya't hindi Siya namatay, at hindi rin Siya muling nabuhay. Siya ang nagprotekta at nagligtas sa Kanyang sugo na si Hesus Kristo mula sa pagkamatay at pagpapako, tulad ng pagprotekta Niya sa Kanyang sugo na si Ibrahim mula sa apoy, at kay Moises mula kay Paraon at sa kanyang hukbo, at tulad ng lagi Niyang ginagawa sa Kanyang mga matuwid na lingkod.

"At sa kanilang sinasabi: 'Tunay na pinatay namin ang Kristo, si Hesus na anak ni Maria, ang sugo ng Diyos.' Ngunit hindi nila siya pinatay, ni ipinako sa krus, ngunit ito'y napagkamalan sa kanila. At tunay na ang mga nagkaiba-iba tungkol dito ay nasa alinlangan. Wala silang kaalaman dito maliban sa pagsunod sa haka-haka. At hindi nila siya pinatay nang may katiyakan. Bagkus, iniangat siya ng Diyos sa Kanyang sarili. At ang Diyos ay Makapangyarihan, Matalino." (An-Nisa: 157-158)

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://www.the-faith.com/qa/tl/show/71/>

Arabic Source: <https://www.the-faith.com/qa/ar/show/71/>

Saturday 23rd of May 2026 08:54:59 PM